DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
AUG 24 2026
By: 
Time: 10:56 am

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

Management System
ISO 9001:2015
TÜVRheinland
CERTIFIED
www.tuv.com
ID 9105086309

DepEd - SDO of Bulacan
RECEIVED
AUG 24 2026
BY:

## SANGGUNIANG PANLALAWIGAN

## SIPI SA KATITIKAN NG TANGING PULONG BLG. 01 NG IKA-12 SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA PAMAMAGITAN NG ZOOM ONLINE APPLICATION, NOONG LUNES, AGOSTO 17, 2026

**DUMALO:**

Igg. Alexis C. Castro ----- Pangalawang Punong Lalawigan at Pinunong Tagapangulo

**MGA KASANGGUNI NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN**

Reproduction No. 064 s. 2026
For dissemination and compliance.
[redacted]
CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI
Schools Division Superintendent

**UNANG DISTRITO**
Igg. Michael M. Aquino
Igg. Romina D. Fermin

**IKALAWANG DISTRITO**
Igg. Lee Edward V. Nicolas

**IKATLONG DISTRITO**
Igg. Raul A. Mariano
Igg. Romeo V. Castro, Jr.

**IKALIMANG DISTRITO**
Igg. Richard A. Roque
Igg. Cezar L. Mendoza

**IKA-ANIM NA DISTRITO**
Igg. Arthur A. Legaspi

**NAG-IISANG DISTRITO NG SAN JOSE DEL MONTE**
Igg. Enrique A. Delos Santos, Jr

**MGA KINATAWAN NG LIGA**

Igg. Casey Tyrone E. Howard ----- Sangguniang Kabataan (SK)
Igg. Fortunato SJ. Angeles ----- Liga ng mga Barangay
Igg. Josef Andrew T. Mendoza ----- Liga ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan/Panlungsod
Igg. Liberato P. Sembrano ----- Indigenous Cultural Communities/ Indigenous Peoples (ICCs/IPs)

**HINDI NAKADALO:**

Igg. Abgda. Erlene Luz V. Dela Cruz ----- Kasangguni, Ikalawang Distrito
Igg. Anna Kathrina M. Hernandez ----- Kasangguni, Ika-Apat na Distrito
Igg. William R. Villarica ----- Kasangguni, Ika-Apat na Distrito
Igg. Renato DL. De Guzman, Jr. ----- Kasangguni, Ika-Anim na Distrito
Igg. Efren C. Bartolome, Jr. ----- Kasangguni, Nag-iisang Distrito ng San Jose Del Monte

* * * *

## KAPASIYAHAN BLG. 708-T'2026

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGDEDEKLARA NG *"STATE OF CALAMITY"* SA BUONG LALAWIGAN NG BULACAN DAHIL SA MALAWAKANG PAGBAHA AT PINSALA DULOT NG *BAGYONG LUIS AT MAYMAY* NA PINALAKAS NG HANGING HABAGAT**

**SA PAGTATAGUYOD AT AKDA NI: IGG. ALEXIS C. CASTRO**
**Pangalawang Punong Lalawigan**
**KA-TAGAPAGTAGUYOD: SP MEMBER ENRIQUE A. DELOS SANTOS, JR.**

**SAPAGKAT,** itinadhana ng mga umiiral na batas, partikular ng Seksyon 324 (d) at 444, talatang B (viii) ng Republic Act No. 7160 or mas kilala sa tawag na Local Government Code of 1991, na ang bawat pamahalaang lokal ay dapat magpatibay at magsagawa ng mga hakbangin upang maproteksiyunan ang kanyang mamamayan mula sa mapaminsalang epekto ng natural o gawa-ng-taong kalamidad, at magbigay ng tulong at paglilingkod sa mga naging biktima nito sa panahon ng kalamidad at maging pagkatapos nito;

Office of the Secretary to the Sangguniang Panlalawigan
Legislative Management and Information Division
CERTIFIED PHOTOCOPY
ANTHONY M. AMIZONA
Local Legislative Staff Officer III

**SAPAGKAT,** ang bagyong Luis at Maymay na pinalakas ng hanging habagat ay nagdulot ng malakas na pag-ulan sa maraming lugar sa Lalawigan ng Bulacan. Ang nasabing bagyo ay nagdulot din ng pagbaha dahil sa pagtaas ng tubig-dagat na umabot ng **1.35 metro** o **4.43 talampakan**;

**SAPAGKAT,** ayon sa tala ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council* (PDRRMC) ng Lalawigan ng Bulacan, ang nasabing kalamidad ay nakaapekto sa mahigit na **276,946** na pamilya o **960,821** na indibidwal na naitala noong Agosto 14, 2026;

**SAPAGKAT,** ayon din sa tala ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council* (PDRRMC) ng Lalawigan ng Bulacan, ang nasabing kalamidad ay nakapinsala at nakaapekto rin sa agrikultura at pangisdaan sa lalawigan na may tayang **2,788** na mga apektadong magsasaka at mangingisda, **895.86** ektaryang palayan na wala ng posibilidad na makabawi ang mga pananim, **2,587.08** ektaryang palayan na may posibilidad na makabawi ang mga pananim, **712** na bilang ng imprastraktura, makinarya, at kagamitang lubos na napinsala, **2,205.03** metriko tonelada (MT) na dami ng produksyong nawala o may kabuuang pinsala na aabot sa **Php96,276,503.68;**

**SAPAGKAT,** sa tala din ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council* (PDRRMC) ng Lalawigan ng Bulacan, ang nasabing kalamidad ay nakapinsala at nakaapekto rin sa panghahayupan ng ating kalalawigan na may tayang panimulang halaga na **Php3,215,050.00** at sa imprastraktura na may tayang panimulang halaga na **Php180,000,000.00**;

**SAPAGKAT,** ang *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council* (PDRRMC) ng Lalawigan ng Bulacan ay nagpatibay ng kanilang **PDRRMC Resolution No. 11, Series of 2026** na may pamagat na "*A Resolution recommending to the Members of the Sangguniang Panlalawigan to declare a State of Calamity in the Province of Bulacan due to the effects of Enhanced Southwest Monsoon, Tropical Cyclones Luis and Maymay*" na humihiling sa Sangguniang Panlalawigan na magdeklara ng State of Calamity sa buong Lalawigan ng Bulacan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi at akda ni Pangalawang Punong Lalawigan, Igg. Alexis C. Castro, Tagapangulo ng *Committee on Peace and Order*, sa pamamagitan ni Kasangguni, Igg. Enrique A. Delos Santos, Jr., Pangalawang Tagapangulo ng *Committee on Peace and Order*, na pinangalawahan nina Kasangguni, Igg. Cezar L. Mendoza, Igg. Fortunato SJ. Angeles, Igg. Michael M. Aquino, Igg. Romeo V. Castro, Jr., Igg. Lee Edward V. Nicolas, Igg. Raul A. Mariano, Igg. Richard A. Roque, Igg. Casey Tyrone E. Howard, Igg. Josef Andrew T. Mendoza, Igg. Romina D. Fermin, at Igg. Arthur A. Legaspi,

**IPINASIYA**, gaya ng dito'y ipinasisiya, na ideklara ang "***State of Calamity***" sa buong Lalawigan ng Bulacan dahil sa malawakang pagbaha at pinsala dulot ng bagyong ***Luis at Maymay*** na pinalakas ng hanging habagat.

**PINAGTIBAY.**

* * * *

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahan sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan.

**MA. PERPETUA R. SANTOS**
**Kalihim ng Sangguniang Panlalawigan**

**PINAGTIBAY:**

**ALEXIS C. CASTRO**
**Pangalawang Punong Lalawigan**
**at Pinunong Tagapangulo**

**PINAGTITIBAY:**

**DANIEL R. FERNANDO**
**Punong Lalawigan**

Office of the Secretary to the Sangguniang Panlalawigan
Legislative Management and Information Division
CERTIFIED PHOTOCOPY
ANTHONY M. AMIZONA
Local Legislative Staff Officer III